# "Anumang magaling, kahit maliit, basta't malimit ay patungong langit."

### Maliit lang ang "crumbs," may nagagawa ba ito?

Opo. Mula nang itinatag ito noong 2004, nakalikom na ng mahigit 450 million pesos ang Pondo ng Pinoy. Ito ay nanggaling sa mga kabataan, pamilya, empleyado, maging mga beneficiaries (project partners) at nakatulong sa mahigit na 250 libong indibidwal sa pamamagitan ng mga projects sa kanilang komunidad.

@pnpcfi nmo@pondongpinoy.com
pondongpinoy.com Pondo ng Pinoy
(02)8527-8113/(02)8527-8114
(+63)917-571-5988 | (+63)928-507-8116

## Member Dioceses

**NATIONAL CAPITAL REGION**
Archdiocese of MANILA (2004)*
Diocese of CUBAO (2004)
Diocese of NOVALICHES (2004)
Diocese of PARAÑAQUE (2004)
Diocese of PASIG (2004)
MILITARY ORDINARIATE (2004)

**LUZON**
Diocese of ANTIPOLO (2004)
Diocese of IMUS (2004)
Diocese of SAN PABLO (2004)
Diocese of MALOLOS (2004)
Vicariate of PUERTO PRINCESA (2004)
Vicariate of TAYTAY (2004)
Diocese of DAET (2005)
Diocese of SAN JOSE, N.E. (2006)
Diocese of BOAC (2007)
Archdiocese of NUEVA SEGOVIA (2009)
Diocese of LUCENA (2010)
Diocese of ILAGAN (2011)
Diocese of ALAMINOS (2011)
Diocese of VIRAC (2011)
Diocese of LIBMANAN (2011)
Diocese of GUMACA (2015)
Diocese of IBA (2016)
Diocese of Urdaneta (2022)

**VISAYAS/MINDANAO**
Archdiocese of OZAMIS (2008)
Diocese of CALBAYOG (2008)
Diocese of NAVAL (2008)
Diocese of SAN CARLOS (2009)
Archdiocese of PALO (2011)
Diocese of MALAYBALAY (2014)
* Year of membership

Pondo ng Pinoy
Pag-ibig ng Panginoon. Pag-asa ng Pilipino.

# Mga Nais Malaman Tungkol sa Pondo ng Pinoy

# FAQs

Frequently Asked Questions

## Ano ang Pondo ng Pinoy?

Ito ay evangelization arm ng Simbahang Katoliko, ibig sabihin, ang pangunahing ginagawa nito ay hubugin ang mga tao sa pagmamahal at pagtulong sa kapwa lalo na sa mga mahihirap upang makamit nila ang mas maayos na buhay. Ito ay sinasalamin ng Four Pillars.

### Ano ang Four Pillars o ang "Pondo ng Pinoy Way of Life?"

Ito ang lifestyle ng: (1) paggawa ng maliliit na kabutihan para sa kapwa, (2) na malimit ginagawa, (3) na nagmumula sa pag-ibig sa Diyos at sa kapwa at, (4) nakakatulong at nakakapagpanibago ng buhay ng mahihirap o marginalized na pamilya o komunidad. .

### Isang funding agency?

Hindi po. Ito ay isang Community Foundation kung saan ang funds ay nagmula rin sa kabutihang-loob ng mga ordinaryong mamamayan at ang nalikom na pondo ay ibinabalik sa pamamagitan ng pagsuporta sa mga proyekto para sa mahihirap.

### Ugnayan sa Simbahan

Ang Pondo ng Pinoy ay nakikipagugnayan sa iba't ibang dioceses sa buong Pilipinas. Lahat ng mga parokya o organisasyon na nais makipag-partner ay maaaring makipagcoordinate sa diocese na kinapapalooban ng mga communities na nais nitong tulungan.

### Regulated ng government agencies?

Opo. Ito ay nakaregister sa Securities and Exchange Commission (SEC), Bureau of Internal Revenue (BIR), at Department of Social Welfare and Development (DSWD).

## Paano ako magbibigay sa Pondo ng Pinoy?

Ito ay sa pag-iipon ng "crumbs" o mumo na simbolo ng "small acts of goodness" na singliit tulad ng mga barya araw-araw, at ibinibigay sa parokya o sa school, o dinedeposit sa bank accounts ng Pondo ng Pinoy para maitulong sa iba't-ibang komunidad sa Pilipinas.

### Gusto kong magbigay ng "crumbs," qualified ba ko?

Ang lahat ay hinihikayat na makibahagi sa pagtulong sa kapwa sa pamamagitan ng Pondo ng Pinoy. Mga pari at mga relihiyoso, mga bata at may edad, nag-aaral o hindi, mga nagtratrabaho (professionals at hindi professionals) o hindi, mayaman o mahirap, Katoliko o hindi Katoliko, kahit iba ang relihiyon ay maaring tumulong.

### Gusto kong magbigay ng malaking halaga, maaari ba ito?

Anumang halaga ay maaaring ibigay, ngunit batay sa Four Pillars ng Pondo ng Pinoy, kailangang ang pagbibibgay ay malimit, bilang bahagi ng iyong values at way of life.

### Ano ang Pondo ng Pinoy Sunday?

Ito ay ang huling Linggo ng buwan na inilaan para sa Pondo ng Pinoy kung saan ang Parokya o diocese ay maaaring magbahagi ng maikling announcement o paliwanag tungkol sa Pondo ng Pinoy sa mga Banal na Misa o mga social media platforms. Maari ring ialay ang naipong crumbs sa inyong parokya sa araw na ito.

## Sino ang tinutulungan ng Pondo ng Pinoy?

Kahit sino ay tinutulungan, Katoliko man o hindi, basta't mahihirap o marginalized na pamilya o komunidad.

### Maaari bang humingi ng tulong ang isang indibidwal o pamilya sa Pondo ng Pinoy?

Hindi po. Kailangang isang programa o proyekto ang pagtulong na mapapakinabangan ng maraming pamilya sa isang komunidad. Ang proyekto o project proposal ay pinag-aaralan at ipinoproseso ng Pondo ng Pinoy upang tiyakin na ito ay makakatulong. sa mga mahihirap sa komunidad.

### Paano humingi ng tulong?

Sa pamamagitan ng mga naiisip na proyekto, ang inyo pong organisasyon ay maaaring pumunta sa Pondo ng Pinoy Desk sa inyong parokya o ng diocese upang malaman ang mga proseso ng paghingi ng tulong. Maaari ring magtanong sa National Management Office ng Ponod ng Pinoy.

### Maari ba akong umutang sa Pondo ng Pinoy?

Hindi po. Walang pautang na sebrisyo ang Pondo ng Pinoy sa indibidwal man o organisasyon.

### Ano ang mga tulong o projects na sinusuportahan ng Pondo ng Pinoy?

Tumutulong ito sa mga projects na napapaloob sa education, livelihood, housing, health and nutrition, at kung may kalamidad, disaster response.